



“Pagbubong”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Winch, mga Pangkaligtasan na pamantayan para sa paghinto ng pagtrabaho dahil sa masamang panahon


(1) Mga kwalipikasyon para sa mga operasyon ng winch (pagtaas)



Mga bagay na susundan

Ang operasyon ng winch (winding na makina) na ginagamit para sa pagtaas o natutulad dito ay isinasagawa ng taong nakatanggap ng “Natatanging edukasyon para sa pagpapagana ng mga makina sa pagtaas”.


(2) Walang tao sa pagtaas ng roof tile (walang tao sa patungan ng kargamento o cargo bed)



Mga bagay na susundan

1. Walang sinuman ang tutungtong sa patungan ng karga o cargo bed.
2. Hindi ka dapat umakyat o bumaba sa hagdanan ng pantaas ng tile ng bubong.


(3) Huwag ibalin ang pansin (huwag ibaling ang pansin sa kargamento habang nasa operasyon)



Mga bagay na susundan

1. Huwag magbuhat ng mga karga sa itaas ng ulo ng isang tao.
2. Huwag pumasok sa gumagalaw na cart o patungan ng karga.
3. Huwag magpaandar sa paraang ang mga karga o hagdan ay umindayog.
4. Huwag magpaandar kapag may tao sa lugar na gagalawan ng cart/cargo bed.

(4) Iwasan ang pagkakasabit-sabit (habang nagpapaandar, huwag kailan mang galawin ang dram o ang kableng lubid)



Mga bagay na susundan


1. Huwagagalawin ang pangtaas na kableng lubid.
2. Magsuot ng kasuotan na maayos ang sukat sa iyong katawan, at huwag magsuot ng mga aksesorya tulad ng mga kuwintas.

(5) Pagtrabaho sa malakas at mabagyo na hangin (Karaniwang bilis ng hangin sa 10 minuto ay 10m/segundo o higit pa)

○ Mapanganib ang pagtrabaho sa malakas na hangin at bagyo


1. Tiyakin ang iyong sariling kaligtasan.
2. Ihinto ang pagtrabaho sa bubong kapag nagsimula ang ihip ng hangin.
3. Iwasan natin ang pagkalat at paghulog ng mga materyales.
4. Kapag nag-aalanganin ka sa pagtrabaho sa bubong, gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) na may pangkaligtasang linya.

Halimbawa



Noong naglalagay ang biktima nang mag-isa ng mga photovoltaic panel, habang dala-dala ang panel sa bubong, natamaan siya ng malakas na hangin at halos matangay ng hangin ang dala-dalang panel.

(6) Pagtrabaho sa malakas na ulan (Ang ulan ay may lalim na 50 mm o higit pa)



Mga bagay na susundan


1. Huwag gumamit ng mga kagamitang de-kuryente para maiwasan ang pagkakakuryente.
2. Ingatan ang iyong mga paa kapag madulas ang bubong.
3. Pagkatapos ng ulan, siyasatin ang mga sistema ng kuryente at kagamitan bago magtrabaho!

(7) Pagtrabaho sa frost o malakas na snow

1. Pagtrabaho sa frost

Mga bagay na susundan

1. Kapag naging frosty, huwag kailan man pupunta sa bubong.
2. Maaari kang pumunta sa bubong pagkatapos na matunaw ang frost at matuyo ang bubong.
3. Kapag magtatrabaho ka, hintayin ang panandaliang curing para sa frost paglipas ng isang araw.




2. Pagtrabaho pagkatapos ng malakas na snowfall (snowfall na 25cm)

Mga bagay na susundan

Ingatang hindi pupunta sa bubong kapag nagsno-snow, at mag-ingat kapag nagtanggal ng snow.



(8) Pagtrabaho sa oras ng lindol (Seismic intensity 4 o higit pa)



Mga bagay na susundan

1. Manatiling kalmado at lumisan sa ligtas na lugar.
2. Kapag nagpatuloy ka ng trabaho, suriin at kumpirmahn ang mga andamyo.
3. Ating pag-isipan ang gagawin sakaling may lindol.